DEPARTMENT OF EDUCATION - NCR
RELEASED
RECORDS SECTION, DEPED NCR
FEB 15 2023
BY: DATE:
DNCR-F-ORD-038/01112019

Advisory No. 060, s. 2023
Pebrero 15, 2023
In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
This advisory is issued not for endorsement, per DO 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd officials,
personnel/ staff as well as the concerned public
(Visit www.deped.gov.ph)

**KWF Onlayn Dap-áyan**

Ang Onlayn Dap-áyan sa mga Babasahín sa Saliksik at Kulturang Pilipino ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) na tampok ang mga salawikain ay magsisimula sa Pebrero 24, 2023.

Libre at bukás ito sa sinumang interesado. Kinakailangang magpatalâ sa link na ito: https://forms.gle/idhnj7N4rrikkpcN6.

Ang iskedyul ng pagpapatala ay ang sumusunod: a) sa 24 Pebrero 2023 salawikain, b) 28 Abril (bugtong), c) 28 Hunyo (alamat), d) 31 Agosto (awiting-bayan), at e) 27 Oktubre (epiko).

Pipili ang KWF ng 30 kalahok na pagkakalooban ng sertipiko ng partisipasyon. Magbibigay rin ng mga aklat ng KWF Publikasyon sa piling mga kalahok.

Para sa mga detalye, maaaring magpadala ng email kay Roy Rene S. Cagalingan sa rrcagalingan@kwf.gov.ph.

Clmd/mggt

# ONLAYN DAP-ÁYAN

## SA SALIKSIK AT KULTURANG PILIPINO

| PAKSA | PETSA |
|---|---|
| Salawikain | 24 Pebrero 2023 |
| Bugtong | 28 Abril 2023 |
| Alamat | 28 Hunyo 2023 |
| Awiting-bayan | 31 Agosto 2023 |
| Epiko | 27 Oktubre 2023 |

**Libre po ito!**

**Magpatalâ na para sa salawikain.**

**KWF Onlayn Dap-áyan, magsisimula na ngayong Pebrero 2023 tampok ang mga salawikain**

Magsisimula na sa 24 Pebrero 2023 ang Onlayn Dap-áyan sa mga Babasahín sa Saliksik at Kulturang Pilipino ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) tampok ang mga salawikain.

Ang proyektong ito ay serye ng mga pagbása at talakayan sa iba't ibang panitikang-bayan ng bansa kabilang ang salawikain, bugtong, alamat, awiting-bayan, at epiko.

Kumukuha ito ng inspirasyon sa dap-áyan ng mga taga-Kordilyera na may kinalaman sa mga ritwal at paraan upang malutas ang mga isyu ng komunidad.

Sa bawat sesyon, magbibigay ang KWF ng babasahín at gabay sa pagbása ng mga panitikang-bayan para sa isasagawang talakayan sa onlayn na platform.

Bukás na ang pagpapatalâ para sa unang sesyon tampok ang salawikain sa 24 Pebrero 2023. May hiwalay na pagpapatalâ para sa iba pang sesyon: 28 Abril (bugtong), 28 Hunyo (alamat), 31 Agosto (awiting-bayan), at 27 Oktubre (epiko).

Libre at bukás ito sa sinumang interesado. Kinakailangan lámang magpatalâ sa link na ito: https://forms.gle/idhnj7N4rrikkpcN6. Pipili ang KWF ng 30 kalahok na pagkakalooban ng sertipiko ng partisipasyon. Magbibigay rin ng mga aklat ng KWF Publikasyon sa piling mga kalahok.

Para sa mga detalye, maaaring magpadala ng email kay Roy Rene S. Cagalingan sa rrcagalingan@kwf.gov.ph.